Pagninilay sa Bagong Buhay

Kabanata 8
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 80

Layunin: Upang maunawaan kung bakit pinapayagan ng Diyos ang paghihirap at paano nagkakaroon ng bagong kapanganakan.

Ngayong malinis na kayo dahil sa inyong pagsunod sa katotohanan, at naghahari na sa inyo ang tapat na pag-iibigan bilang magkakapatid, nawa'y maging maalab at taos sa puso ang inyong pagmamahalan. Sapagkat muli kayong isinilang, hindi sa pamamagitan ng kapanganakang may kamatayan, kundi sa bisa ng buháy at di nagbabagong salita ng Diyos.

—1 Pedro 1:22-23

Ngunit kayo ay isang lahing pinili, grupo ng maharlikang pari, isang bansang nakalaan sa Diyos, bayang pag-aari ng Diyos upang magpahayag ng mga kahanga-hangang ginawa niya. Siya ang tumawag sa inyo mula sa kadiliman patungo sa kanyang kahanga-hangang kaliwanagan. Kayo'y hindi bayan ng Diyos noon; ngunit ngayon, kayo'y bayang hinirang niya. Noon, pinagkaitan kayo ng habag, ngunit ngayo'y tinatanggap na ninyo ang kanyang habag.

—1 Pedro 2:9-10

Sa ating panahon ang “prosperity theology” ay nagtuturo ng mali na kapag ikaw ay nasa kalooban ng Diyos, ikaw ay magiging malusog, mayaman, at hindi dadapuan ng paghihirap. Ito ay hindi ayon sa mga naghihirap at inuusig na matatagpuan natin sa liham ni Pedro at iba pang mga aklat sa Bagong Tipan. Ang mensahe ni Pedro sa mga naghihirap na mga Hudyong Kristiyano ay palakasin ang kanilang loob—at udyukang magpatuloy sa pagsunod sa Panginoong Jesu-Cristo.

Nagbibigay ng dalawang dahilan si Pedro kung bakit ang mga tao ng Diyos ay naghihirap. Pinapayagan ng Diyos ang paghihirap upang tayo ay lumago sa pananampalataya. Halimbawa, ang paghihirap ni Job ay galing kay Satanas, ngunit ito ay pinayagan ng Diyos. Pinangako ni Jesus na walang problemang dumarating sa atin na hindi dumadaan muna sa Kanya. Isa pang dahilan kung bakit pinapayagan ng Diyos ang paghihirap ay upang gawing dalisay ang ating pananampalataya, na mas mahalaga kaysa sa ginto.

Inilarawan ni Pedro ang proseso ng bagong kapanganakan. Ang buhay ay nagsisimula kapag ang binhi at ang itlog ay nagtagpo. Kapag tayo ay tumugon sa Salita ng Diyos, ang di-namamatay na Binhi, tayo ay ipinapanganak na muli. Ang Espirituwal na buhay ay magsisimula na sa atin. Ang ating kaluluwa ay nalinis. Pagkatapos ng espirituwal na paglilihi, ang panahon ng pagbubuntis ay magsisimula, sa takdang panahon tayo ay isisilang sa bagong kapanganakan. Ang sanggol ay nangangailangan ng gatas, kailangang natin ang Salita ng Diyos. Ang resulta ng muling kapanganakan ay ang bunga ng Espiritu: Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan,

kapayapaan, katiyagaan, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili. (Mga Taga Galacia 5:22-23)

Sa 1 Pedro 2:9-10, isinulat ni Pedro ang tungkol sa kaharian ng Diyos. Para sa mga Israelita, ang kaharian ng Diyos ay parehong pambansa at pang-heograpiya. Ngunit sa Bagong Tipan, ang unang mensahe ni Jesus ay, *"Mangag-sisi kayo, dahil ang kaharian ng Diyos ay malapit na."* (Mateo 4:17) Ang kaharian ng Diyos ay nasa atin na, sa mga naniniwala. Ang kaharian ay ang lugar kung nasaan ang mga taong naniniwala at sumusunod kay Jesu-Cristo.

Lahat ng nanampalataya kay Cristo ay kabilang sa maharlikang saserdote. Sa Lumang Tipan, ang saserdote ay papasok sa presensiya ng Diyos para sa mga tao. Ngayon, tayong lahat ay tinawag na saserdote upang gumawa ng mga alagad at mamagitan para sa kanila. Ito ay kilala sa tawag na pagkasaserdote ng mga mananampalataya.

1. Tama o Mali? Ang pangunahing dahilan ng liham ni Pedro ay upang aliwin ang mga naghihirap.

2. Tama o Mali? Ang "prosperity theology" ngayon ay akmang-akma para sa mga naghihirap na mga tao ng Diyos ngayon at noong nakalipas na panahon.

3. Tama o Mali? Hindi naintindihan lahat ng tungkol sa kaligtasan ng mga propeta noong hinulaan nila ang tungkol dito.

4. Tama o Mali? Nais ng Diyos na iwasan ng Kanyang mga tao ang lahat ng pag-uusig at paghihirap.

   Piliin lahat ng sagot na aakma.

5. Bakit pinapayagan ng Diyos ang Kanyang mga tao na maghirap?
   a. Hindi Niya talaga tayo mahal.
   b. Nais Niyang lumago ang ating pananampalataya.
   c. Hindi niya kayang pigilan ang paghihirap.

d. Ang paghihirap ay para sa mga masasamang tao lamang.

6. Ano ang inilarawan ni Jesus sa Kanyang Sarili bilang Mabuting Pastol kaugnay sa paghihirap ng Kanyang mga tupa.
    a. Maari tayong magtiwala sa Kanyang pag-iingat sa atin.
    b. Hindi naman siya mabuti.
    c. Ang mga problemang dumarating sa ating ay yun lamang pinayagan Niyang darating.
    d. Hindi ito maunawaan.

7. Sinabi ni Jesus isang tao ang nagpupunla at iba naman amg umaani. Ano ang kahulugan nito sa Kaharian ng Diyos?
    a. Walang isang gumagawa lamang sa Kaharian.
    b. Ang umaani ang nakakakuha ng pakinabang.
    c. Ang ibang mga tao ay mas mahalaga sa gawain sa Kaharian.
    d. Ang Kaharian ay lumalaki dahil sa ating mga gawa.

8. Ano ang nangyayari kapag tayo ay na-born again o nakaranas ng bagong kapanganakan?
    a. Narinig natin ang Salita, naniwala, at pinanganak na muli.
    b. Matapat tayong dumadalo sa iglesia.
    c. Nanalangin tayo at nabautismuhan.
    d. Tayo ay ipinanganak sa pamilya ng Kristiyano.

9. Ang Kaharian ng Diyos ay hindi na sa ilalim ng isang bandila o bansa. Nasaan ito?
    a. Kung saan naninirahan ang mga Hudyo.
    b. Kung saan ang iglesiang pinpuntahan ng mga tao.
    c. Nasa mga puso ng mga manampalataya.
    d. Ito ay sa langit lamang.

10. Ano ang pagka-saserdote ng mga mananampalataya?
    a. Ang mga obispo, arsobispo, at kardinal ang maaring maging saserdote.
    b. Bawat mananampalataya ay saserdote.
    c. Walang sinoman ang saserdote ngayon.
    d. Mga Hudyong saserdote lang ang ibinibilang ng Diyos na saserdote.

11. Bakit ikinumpara ni Pedro ang paghihirap sa ating pananampalataya sa pagpapadalisay ng ginto?
    a. Ang ginto ay mahalagang metal, at ang ating pananampalataya ay mahalaga sa Diyos.
    b. Ang ginto ay nagiging dalisay sa pamamagitan ng paglilinis ng tubig.
    c. Ang ginto at ang ating pananampalataya ay nagiging mas mahalaga kapag ito ay nagiging dalisay.
    d. Ang ginto ay magandang tingnan.

Sinabi ni Jesus na siya ang Pinto o bantay pinto para sa Kanyang mga tupa. Kung magkagayon walang tupa na lalabas na walang alam at walang maninila na darating na hindi Niya alam. Anong kaugnayan ng pangakong ito sa iyo at sa paghihirap?

_____

_____

_____

Ipaliwanag ang proseso ng espiritual na paglilihi ang simula ng bagong kapanganakan. Naranasan mo na ba ang bagong kapanganakan?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa kaligtasan na nakalaan para sa iyo. Pasalamatan Siya na ikaw ay anak ng Diyos, itinalaga para sa Kanya at mahalaga sa Kaharian. Sa panahon ng paghihirap, hingin na gawing dalisay ang iyong pananampalataya at tulungan kang maging matapat sa Kanya. Pasalamatan Siya sa lahat ng tao na ibinigay ang kanilang buhay upang masiguro na ang Biblia ay mananatili sa paglipas ng mga panahon. Pasalamatan Siya na ang Kanyang Salita ay nakalaan para sa iyo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Bakit binanggit ni Pedro ng maka-labingapat na beses ang paghihirap sa kanyang sulat?

2. Paano mo ipapaliwanag at gagamitin sa iyong sariling buhay ang tatlong bagay na sinulat ni Pedro tungkol sa paghihirap ng mga tagasunod ni Cristo sa talatang 6 at 7 sa kabanatang 1?

3. Paano mo gagamitin sa iyong sariling paglalakbay sa pananampalataya at ituro sa iba ang tungkol sa paraan paano tinignan ni Pedro ng pabalik tingin (sa 1:22, 23-2:2) ang karanasan ng bagong kapanganakan?

4. Ano ang katalista na nagdadala ng "espirituwal na paglilihi" (simula ng buhay) sa inspiradong pagsasalarawan ni Pedro kung saan kanyang ikinumpara ang bagong buhay sa pisikal na kapanganakan?

5. Paano ang paglalarawan na iyon ay nagpatuloy sa talatang 1 at 2 sa ikalawang kabanata?

6. Ipaliwanag at gamitin sa iyong sariling buhay at ministeryo ang relasyon ng Salita ng Diyos sa buong proseso na ito?

7. Kung magkagayon, bakit napakahalaga na dalhin ang mga tao sa Salita at ang Salita sa mga tao? (Isama sa iyong sagot ang 2 Pedro 1:19, na nagtuturo sa atin ng napakaganda at makalarawan na kapag ang mga tao ng Diyos ay pumunta sa Kanyang Salita at ang Kanyang Salita ay nagpunta sa Kanyang mga tao, mararanasan nila ang bagong kapanganakan.)